# Aral mula sa Sermon ni Hesus sa Bundok Yugto 17

"6 Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran: sapagka't sila'y bubusugin." (Mateo 5:6)

Magpapatuloy tayo sa pagaaral tungkol sa paano mangagutom at mangauhaw sa katuwiran mula sa buhay ng matuwid na si Joseph ang asawa ni Maria

"18 Ang pagkapanganak nga kay Jesucristo ay ganito: Nang si Maria na kaniyang ina ay magaasawa kay Jose, bago sila magsama ay nasumpungang siya'y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo. 19 At si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid, at ayaw na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim.20 Datapuwa't samantalang pinagiisip niya ito, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay napakita sa kaniya sa panaginip, na nagsasabi: Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo.21 At siya'y manganganak ng isang lalake; at ang pangalang itatawag mo sa kaniya'y JESUS; sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan. 22 At nangyari nga ang lahat ng ito, upang maganap ang sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi, 23 Narito, ang dalaga'y magdadalang-tao at manganganak ng isang lalake, At ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel; na kung liliwanagin, ay sumasa atin ang Dios.24 At nagbangon si Jose sa kaniyang pagkakatulog, at ginawa niya ang ayon sa ipinagutos sa kaniya ng anghel ng Panginoon, at tinanggap ang kaniyang asawa;25 At hindi nakilala siya hanggang sa maipanganak ang isang lalake: at tinawag niya ang kaniyang pangalang JESUS." (Mateo 1:18-25)

Si Maria ay magaaswa kay Jose.Ang Hebreo Salita  sa magaasawa ay 'Mnesteuo" na ibig sabihin ay "siya ay nakipagkasundo', 'siya nangako na magpapaksal', 'ipapakasal','itong lalaki ay magpapakasal sa babae.'Hindi ito pinagkasundo ng lalaki at babae.Ito'y itinalaga ng Diyos ,at ipinatupad Niya.Ang pagpapa kasal ni Adam at Eba ay inayos at itinalaga ng Diyos,ang kasal ni Jose at Maria ay itinalaga at inayos ng Diyos Si Jose at Maria ay hindi nila inayos ang kanilang pagpapakasal sa kanilang sarili ngunit gumamit ang Diyos ng mga tao upang maisakatuparan ang kanilang kasal.

Si Jose ay tao lang na ibig sabihin ay matuwid na tao.Ang Hebreo na Salita na ginamit dito sa Lang ay " Dikaios"na ibig sabihin ay, " matuwid na sumusubaybay sa banal na batas"Ang matuwid na tao ay sumusubaybay sa banal na batas.Sa nangutom at nangauhaw sa katuwiran ay kailangan ang lalaki at babae ay hindi dapat nagkikita at wala pagpapalagayang loob at komunikasyon bago ang kasal.Wala dapat na pisikal at wala emosyonal na pagpapalagayang loob.Kung si Jose ay nakikipagkita Kay Maria bago ang kasal, tapos hindi niya maiisip na iwanan siya noong natuklasan niya,siya ay buntis.

Kailan natuklasan ni Jose na si Maria ay buntis?Ang panlabas na pagbubuntis sa katawan ay hindi lumalabas hanggang pagkatapos ng tatlong buwan.Sa aklat ni Lucas ating basahin paano nakipagkita ang anghel kay Maria at ibinalita sa kanya na tinawag siya ng Diyos na magdalangtao sa anak ng Diyos na si Hesukristo. "26Nang ikaanim na buwan nga'y sinugo ng Dios ang anghel Gabriel sa isang bayan ng Galilea, ngala'y Nazaret, 27Sa isang dalagang magaasawa sa isang lalake, na ang kaniyang ngala'y Jose, sa angkan ni David; at Maria ang pangalan ng dalaga. 28At pumasok siya sa kinaroroonan niya, at sinabi, Magalak ka, ikaw na totoong pinakamamahal, ang Panginoon ay sumasa iyo. 29Datapuwa't siya'y totoong nagulumihanan sa sabing ito, at iniisip sa kaniyang sarili kung anong bati kaya ito. 30At sinabi sa kaniya ng anghel, Huwag kang matakot, Maria: sapagka't nakasumpong ka ng biyaya sa Dios. 31At narito, maglilihi ka sa iyong tiyan, at manganganak ka ng isang lalake, at tatawagin mo ang kaniyang pangalang JESUS. 32Siya'y magiging dakila, at tatawaging Anak ng Kataastaasan: at sa kaniya'y ibibigay ng Panginoong Dios ang luklukan ni David na kaniyang ama: 33At siya'y maghahari sa angkan ni Jacob magpakailan man; at hindi magkakawakas ang kaniyang kaharian. 34At sinabi ni Maria sa anghel, Paanong mangyayari ito, sa ako'y hindi nakakakilala ng lalake? 35At sumagot ang anghel, at sinabi sa kaniya, Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataastaasan: kaya naman ang banal na bagay na ipanganganak ay tatawaging Anak ng Dios. 36At narito, si Elisabet na iyong kamaganak, ay naglihi rin naman ng isang anak na lalake sa kaniyang katandaan; at ito ang ikaanim na buwan niya, na dati'y tinatawag na baog. 37Sapagka't walang salitang mula sa Dios na di may kapangyarihan. 38At sinabi ni Maria, Narito, ang alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita. At iniwan siya ng anghel.39At nang mga araw na ito'y nagtindig si Maria, at nagmadaling napasa lupaing maburol, sa isang bayan ng Juda; 40At pumasok sa bahay ni Zacarias at bumati kay Elisabet." (Lucas 1:26-40) Dito si Maria ay iniwan ng anghel pagkatapos inutusan siya'y magdadalantao kay Jesus.Naisip ba ninyo na sinabi ni Maria kay Jose tungkol sa sinabi ng anghel sa kanya?Kung sinabi niya ito sa kanya,hindi siya magiisip na iwanan siya pagkatapos niya makita na siya ay nagdadalantao.kaya naman naulit na napatotohanan na wala anuman na pakikipagkumonikasyon o pagpapalagayang loob sa pagitan sa kanilang dalawa.

Ano ang dapat natin  isaalang alang sa pagitan ng lalaki at babae bago magpakasal?Hindi ito ang katuwiran ng Diyos na ang  Panginoon gusto tayo mabuhay.Ilagay ninyo sa inyong isip,hindi lamang tayo tinawag para maging matuwid ,kundi mangagutom at mangauhaw sa Katuwiran. Kung hindi kayo naturuan dati ,ngayon ito ang tamang panahon para sayo na malaman na ang pagpapalagayang loob sa pagitan ng lalaki at babae bago ang kasal ay hindi katuwiran o matuwid na nais ng Diyos.Ibinigay ng Diyos ang Kanyang Salita para ipaalam sa atin at ang Salita niya para tayo ay baguhin.Ipinapanalangin ko na ang Salita ng Diyos ay makapagpabago ng iyong isip at iyong buhay na lumakad sa kaparaanan ng Diyos at mangagutom at mangauhaw sa katuwiran.

Si Maria ay nglakbay habang siya buntis mula Galileo hanggang Juda,ang paglalakbay ay hindi hihigit ng araw at siya namalagi sa kanyang pinsan ng tatlong buwan at bumalik muli. "56 At si Maria ay natirang kasama niya na may tatlong buwan, at umuwi sa kaniyang bahay." (Lucas 1:56) kaya sa kanyang pagbabalik siya ay apat na buwan na buntis.Si Jose at Maria ay wala pribado pagtatagpo bago ang kasal at ito ang sinabi sa Kasulatan. "bago sila magsama" (Mateo 1:18) kaya hindi sila nagkita.Pagkatapos niya bumalik galing Juda ,ito

ang panahon na nalaman ni José tungkol sa kanya 'nasumpungan siya ay nagdadalantao'.(Mateo 1:18) at gusto "ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim" (Mateo 1:19)

“ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim." (Mateo 1:19) ibig sabihin ay idiborsyo siya bakit diborsiyo at hindi hiwalayan dahil pagaaswa ng babae sa panahon nila ay isinasaalang alang na kasal na ngunit hindi pa sila nagsasama.

Sinabi ni Maria sa anghel na siyang nagpahayag sa kaniya na tinawag siya ng Diyos 34 At sinabi ni Maria sa anghel, Paanong mangyayari ito, ako'y hindi nakakakilala ng lalake?(Lucas 1:34)Kaya hindi niya alam kung ano ang nasa loob ng katawan ng lalaki.Ito talaga ang gusto ng Diyos sa atin.Hindi kilala ng lalaki ang babae bago ang kasal o ang babae hindi dapat niya kilala ang lalaki bago ang kasal.

Ang makabagong kaalaman ay hindi humalili sa itinalaga ng Diyos.Kung hindi tayo naturuan ,hindi ito kamalian ng Diyos, at hindi din naghahangad ang Diyos ng marami.Bakit napakaingat natin ipadala ang ating mga anak sa pinakamabuti paaralan sa edukasyon ,Ngunit hindi tayo maingat na turuan sila at bigyan sila ng Salita ng Diyos ?Kalooban niya na mamuhay tayo ng matuwid.Kaya naman,dapat tayong magsisi sa ating tradisyunal na gawi at makasalanan na paraan at magpasalamat tayo sa Diyos na inihayag sa atin ang Kanyang kalooban sa Kanyang Salita at magpatuloy tayo sa pagsunod sa kanya na maisakatuparan ang katuwiran ng Diyos.

Sa panahon ni Jose at Maria,ang mga tao'y sumusunod sa Salita ng Diyos.Sila'y nagsasagawa ng panlipunan at emosyonal na paglalayo. Ang mga babae ay nagsusuot ng balabal na panatakip sa kanilang buong katawan,naglalagay din sila ng balabal para takpan ang kanilang mukha.Sila'y masunurin ,hindi tulad ngayon kung saan walang takot sa Diyos.Ngunit ang kanilang buhay ay ma's mabuti kaysa sa ngayon. Wala sila COVID 19 na ipinadala ng Diyos para disiplinahin ang buong sansinukob.Ang Diyos kung ang tao ay hindi matatakot sa kanya,alam niya paano didisiplinahin ang tao .Ngayon sa COVID 19 babae at lalaki ay sapilitan na magsuot ng pantakip sa mukha(mask) at halip sa paglalagay ng belo. Ang Diyos ay sapilitan ibinigay sa tao na maglagay ng PPE.

"19 At si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid, at ayaw na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim.(Mateo 1:19)Ang Hebreo na Salita na "hiwalayan" ay sa bersekulo 19 ay 'Apoluo"at ibig sabihin ay 'pakawalan', 'alisin', "palayain", ' hiwalayan'. Ang pareho salita na ginamit sa Mateo 19: "3 At nagsilapit sa kaniya ang mga Fariseo, na siya'y tinutukso nila, at kanilang sinasabi, Naaayon baga sa kautusan na ihiwalay ng isang lalake ang kaniyang asawa sa bawa't kadahilanan? 7Sinabi nila sa kaniya, Bakit nga ipinagutos ni Moises na magbigay ng kasulatan sa paghihiwalay, at ihiwalay ang babae? 8Sinabi niya sa kanila, Dahil sa katigasan ng inyong puso ay ipinaubaya sa inyo ni Moises na inyong hiwalayan ang inyong mga asawa: datapuwa't buhat sa pasimula ay hindi gayon. 9At sinasabi ko sa inyo, Sinomang ihiwalay ang kaniyang asawang babae, liban na kung sa pakikiapid, at magasawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya: at ang magasawa sa babaing yaon na hiniwalayan ay nagkakasala ng pangangalunya. (Mateo 19:3,7-9)

Napansin mo dito na hindi pinili ni Jose si Maria dahil gusto niya ito o mahal niya ito.Ang kanyang desisyon ay iwanan siya.Ang mga tao sa panahon ni Noe, sila'y nagpapakasal sa anuman piliin nila.Ang Matuwid na tao at sino ang nangagutom at nangauhaw sa katuwiran sila'y magpapakasal sa kung ano inordina ng Diyos para sa kanila.Sasabihin natin sa matalas na paraan.Ang taong matuwid ay mahal na pakasalan kung ano ang inihanda ng Diyos para sa kaniya. “20 Datapuwa't samantalang pinagiisip niya ito, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay napakita sa kaniya sa panaginip, na nagsasabi: Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo.” (Mateo 1:20) Ipinahayag ng Diyos sa kanya kung sino ang kanyang papakasalan at hindi ang kanyang pinili.Masdan,Jose sa pagsunod niya sa Diyos,nagpasiyang siyang hiwalyan ang kanyang pinakasalan.Kaya naman, sa pagkagutom at pagkauhaw natin sa katuwiran,kailangan natin,itatak natin sa ating isipan na magpakasal tayo sa ano inihanda ng Diyos para satin na pakasalan at hindi ang pinili natin.

Tinawag siya ng anghel 'Jose anak ni David ',ipinaalala sa kanya ang tungkol sa responsibilidad niya sa Diyos na ibigay ang kaligtasan ng Diyos sa mga tao.,sinisiguro sa kanya na huwag siyang matakot at ibinalita sa kanya na si Maria ay nagdadalang tao ng Banal na Espiritu.Ipinaliwanag nito sa kanya na siya'y manganganak ng lalaki at ito'y tatawaging Jesus na siya magliligats sa kanyang mga tao mula sa kasalanan, “21 At siya'y manganganak ng isang lalake; at ang pangalang itatawag mo sa kaniya'y JESUS; sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan.” (Mateo 1:21) Dito naunawaan ni Jose na ang pagpapakasal niya at kanyang pamilya ay magbibigay ng kapurihan at karangalan sa Diyos para ibigay ang kaligtasan ng Diyos sa buong sansinukob.Ang matuwid na tao ay hindi gagawin ang gusto at nais niya,na malayo sa ano gusto at nais ng Diyos.Ang matuwid na lalaki at babae ay dapat mapagtanto na ang kanilang pagpapakasal ay magbibigay ng kapurihan at karangalan sa Diyos.Ang matuwid na lalaki at babae ay dapat magpatanto na ang kanilang pagpapakasal ay magdadala ng bunga ng kaluluwa sa Diyos.

"22Nangyari nga ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, 23 “Tingnan ninyo; ‘Maglilihi ang isang birhen at magsisilang ng isang sanggol na lalaki, at tatawagin itong Emmanuel.” (Ang kahulugan nito'y “Kasama natin ang Diyos.” (Mateo 1:22-23)Ang anghel ay pinagtibay kay Jose ang pahayag ng Diyos mula sa ano nkasulat sa Kasulatan. Para mangagutom at mangauhaw sa katuwiran ,kailangan natin ang patnubay ng Banal na Espiritu at tagubilin ng Salita ng Diyos,ayan ay kung bakit , kailangan natin magbasa ng Bibliya palagi.

“24 At nagbangon si Jose sa kaniyang pagkakatulog, at ginawa niya ang ayon sa ipinagutos sa kaniya ng anghel ng Panginoon, at tinanggap ang kaniyang asawa;(Mateo 1:24)Si Jose ng siya magising,mabilis niya ginawa ang ipinaguutos sa kanya ng Diyos.Para mangagutom at mangauhaw sa katuwiran,kailangan natin gawin agad ang ano ang ipinaguutos ng Diyos sa atin at huwag maantala at patagalin. mabagal na pagsunod ay hindi pagsunod.At sinabi tungkol Kay Jose "at tinanggap ang kaniyang asawa". Ibig sabihin itong oras

lang na ito, kinuha niya para sa kanya at hindi bago.Subali't hindi niya ito kilala bilang babae hanggang ito manganak sa una anak na lalaki. "25At hindi nakilala siya hanggang sa maipanganak ang isang lalake: at tinawag niya ang kaniyang pangalang JESUS." (Mateo 1:25) Mangutom at mangauhaw sa katwiran ay manatili sa kautusan na natanggap at pairalin ang pagpipigil sa sarili sa ating buhay up ang maging karapat dapat sa pagpapatupad ng utos ng Diyos.Ibinigay ni Jose ang pareho pangalan na Ibinigay ng anghel sa kanya,at pare ho pangalan na Ibinigay kay Maria,ng kaniyang asawa.

Si Apostol Pablo sinabi niya sa mga taga Corinto na simbahan 36 Nguni't kung iniisip ng sinomang lalake na hindi siya gumagawa ng marapat sa birhen na dalaga, kung ito'y sumapit na sa kaniyang katamtamang gulang, at kung kailangan ay sundin niya ang kaniy ang maibigan, hindi siya nagkakasala; bayaang mangagasawa sila.(1 taga Corinto 7:36)Sinabi dito ni Pablo,kung ang sinuman magpapakasal sa babaeng birhen at siya nagsasagawa ng hindi marapat, kailangan niya itong pakasalan.Ang mga Corinto ay mga hentil,na sa ka nilang dati buhay sila'y nakikiapid.Si Pablo ang una nagtatag ng simbahan,at ito'y naitala sa simbahan na mga kaso ng immoralidad na hindi naitala sa mga hitano. "1 Sa kasalukuya'y nababalita na sa inyo'y may pakikiapid, at ang ganyang pakikiapid ay wala kahit sa mga Gentil, na isa sa inyo'y nagaari ng asawa ng kaniyang ama." (1 Taga Corinto 5:1)Ngunit sa kabila ng lahat ng ito,binigyang diin ni Pablo ang kabanalan sa kanyang sulat na ating makikita sa mga sumusunod na puntos mula sa 1 Corinto 7:36:

A.Sa nabanggit na 'Birhen' ibig sabihin ni Pablo dito ay wala pagsisiping bago ang araw ng kasal.
B.Sa nabanggit n pahayag na hindi gumagawa ng marapat sa birhen na dalaga,binibigyang diin dito ni Pablo na walang anumang dapat na bago ang kasal na anumang kasalanan na hindi wastong pagkilos at pagiisip sa pagitan ng lalaki at babae tulad ng paghawak,pagyakap,paghalik, at paguusap na magiging sanhi ng kanilang karumihan.
C.Walang dapat na pisikal at emosyonal na pagpapalagayang loob sa pagitan ng lalaki at babae bago ang araw ng kasal,katulad ng nakita natin sa buhay at pagaasawa ni Jose at Maria.
D.Ang banal n Espiritu ay kikilos,at papuri ay maibibigay sa Diyos kung ang lalaki at babae ay walang anumang emosyonal at pisikal na pagpapalagayang loob bago ang araw ng kasal.

Si Jose bilang matuwid na tao,nagpatuloy siya gawin ang kalooban ng Diyos, iningatan niya ang kanyang asawa at kaniyang pamilya. "4 At si Jose naman ay umahon mula sa Galilea, mula sa bayan ng Nazaret, hanggang sa Judea, sa bayan ni David, na kung tawagi'y Bet-lehem, sapagka't siya'y sa angkan at sa lahi ni David; 5Upang patala siya pati ni Maria, na magaasawa sa kaniya, na kasalukuyang kagampan. 6At nangyari, samantalang sila'y nangaroroon, at naganap ang mga kaarawang dapat siyang manganak. 7At kaniyang ipinanganak ang panganay niyang anak na lalake; at ito'y binalot niya ng mga lampin, at inihiga sa isang pasabsaban, sapagka't wala nang lugar para sa kanila sa tuluyan." (Lucas 2:4-7) Tayo'y nangagutom at nangauhaw sa katuwiran ,kailangan natin sumunod sa patuntunan ng gobyerno sa bansa kung saan tayo namumuhay at nakatira.

Si Jose ay nanahan sa panuntunan ng Salita ng Diyos at tinuli ang kanyang anak noong ikawalong araw at iniharap si Jesus bilang panganay na anak sa Panginoon,para ibigay ang kaniyang una bunga sa Diyos. "21At nang makaraan ang walong araw upang tuliin siya, ay tinawag na JESUS ang kaniyang pangalan, na siyang itinawag ng anghel bago siya ipinaglihi sa tiyan.22At nang maganap na ang mga araw na kanilang paglilinis alinsunod sa kautusan ni Moises, ay kanilang dinala siya sa Jerusalem,upang iharap siya saPanginoon23(Ayon sa nasusulat sa kautusan ng Panginoon, Ang bawa't lalaking nagbubukas ng bahay-bata ay tatawaging banal sa Panginoon), 24At upang maghandog ng hain alinsunod sa sinasabi sa kautusan ng Panginoon, Dalawang batobato, o dalawang inakay ng kalapati." (Lucas 2:21-24) Sa panahon ngayon hindi tayo inoobliga ng Salita ng Diyos na magsagawa ng pagtutuli sa ating mga anak,subalit tayo ay inoobli ga na iharap natin sa Panginoon at Ialay sila sa Kanya.Ganon din inoobliga tayo na ibigay ang ating una bunga at ating handog at lahat ng ano gusto natin ibigay sa Simbahan ng Diyos. Ganon din andun tayo sa pagpupulong ng Simbahan at pagtitipon na itinalaga sa batas ng Diyos "Taun-taon, tuwing Pista ng Paskwa, ang mga magulang ni Jesus ay pumupunta sa Jerusalem." (Lucas 2:41)

Sa pamamagitan ng pagbisita nila sa templo iniharap si Jesus sa Panginoon, Si Jose at Maria ay nakatanggap ng hula na tagubil in tungkol Kay Hesus,na mababasa natin sa mga sumusunod:

"25 At narito, may isang lalake sa Jerusalem, na nagngangalang Simeon; at ang lalaking ito'y matuwid at masipag sa kabanalan, na nag-aantay ng kaaliwan ng Israel: at sumasa kaniya ang Espiritu Santo. 26At ipinahayag sa kaniya ng Espiritu Santo, na di niya makikita ang kamatayan, hanggang sa makita muna niya ang Cristo ng Panginoon. 27At siya'y napasa templo sa Espiritu: at nang ipasok sa templo ang sanggol na si Jesus ng kaniyang mga magulang, upang sa kaniya'y magawa nila ang nauukol alinsunod sa kaugalian ng kautusan, 2 8Ay tinanggap nga niya siya sa kaniyang mga bisig, at pinuri ang Dios, at nagsabi, 29Ngayo'y papanawin mo, Panginoon, ang iyong alipin, Ayon sa iyong salita, sa kapayapaan, 30Sapagka't nakita ng aking mga mata ang iyong pagliligtas, 31Na iyong inihanda sa unahan ng mukha ng lahat ng mga tao; 32 Isang ilaw upang ipahayag sa mga Gentil, At ang kaluwalhatian ng iyong bayang Israel. 33 At ang kaniyang ama at ang kaniyang ina ay nagsisipanggilalas sa mga bagay na sinasabi tungkol sa kaniya; 34At sila'y pinagpala ni Simeon, at sinabi sa kaniyang inang si Maria, Narito, ito ay itinalaga sa ikararapa at sa ikatitindig ng marami sa Israel; at pinakatandang tudlaan ng pagsalangsang: 35 Oo at paglalampasanan ng isang tabak ang iyong sariling kaluluwa; upang mangahayag ang mga pagiisip ng maraming puso." (Lucas 2:25-35) Ang matuwid na lalaki at babae na nangagutom at nangauhaw sa katuwiran,sila'y makakatanggap ng mabuting tagubilin at spirituwal na pangangalaga sa kanilang anak at ipapakita sa kanila ang sulyap ng hinaharap ng ano mangyayari sa kanilang anak. "40 At lumalaki ang bata, at lumalakas, at napupuspos ng karunungan: at sumasa kaniya ang biyaya ng Dios." (Lucas 2:40) Sa parehong paraan, habang pinapanatili mo ang iyong pangako sa Diyos at iyong pakikipagugnayan sa simbahan ,tapos ikaw ay makakatanggap ng karagdangang pagbibigay pagasa na mensahe at hula na kung ano mangyayari sa inyong anak at sila'y lumaki,at maging malakas at mayroong karunungan ng Diyos.

Pagkatapos ng kapanganakan ni Hesus, ang pamilya ay nagulo sa paguusig. Gusto patayin ni Herodes ang batang si Jesus.Ngunit pinotektahan siya at ang mga magulang.Binalaan ng Diyos ang mga pantas na lalaki na huwag ng bumalik at magbalita Kay Herodes at sila'y sumunod sa Diyos. "12At palibhasa'y pinagsabihan sila ng Dios sa panaginip na huwag silang mangagbalik kay Herodes, ay nangagsiuwi sila sa kanilang sariling lupain sa ibang daan." (Mateo 2:12) Nagbigay din ng babala ang Diyos sa pamilya sa pamamagitan ng panaginip na Ibinigay Kay Jose at tinagubilinan siya saan siya kailangan pumunta para maprotektahan si Hesus. "13Nang mangakaalis nga sila, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay napakita kay Jose sa panaginip, na nagsasabi, Magbangon ka at dalhin mo ang sanggol at ang kaniyang ina, at tumakas ka hanggang sa Egipto, at dumoon ka hanggang sa sabihin ko sa iyo: sapagka't hahanapin ni Herodes ang sanggol upang siya'y puksain 14At siya'y nagbangon at dinala ang sanggol at ang ina nito sa kinagabihan, at napasa Egipto; 15At dumoon hanggang sa pagkamatay ni Herodes: upang maganap ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi." (Mateo 2:13-15) Sumunod si Jose sa Diyos at isinakatuparan ano ang sinabi mula kay propeta Hosea, "1 Nang bata pa ang Israel, aking minahal siya, at tinawag kong aking anak mula sa Egipto.(Hosea 1:1) Nagsalita ulit ang Panginoon kay Jose pagkatapos mamatay ni Herodes na bumalik mula sa Ehipto pabalik ng Israel, "19 Ngunit nang patay na si Herodes, narito, isang anghel ng Panginoon ay nagpakita kay Jose sa Egipto sa isang panaginip.20 Sinabi niya: Bumangon ka at dalhin mo ang bata at ang kaniyang ina at pumaroon kayo sa lupain ng Israel sapagkat patay na silang naghahangad sa buhay ng bata." (Mateo 2:19-20)Sumunod si Jose sa Diyos, na nagbigay ng karagdardagang direksyon sa kanya na pumunta sa Nazaret sa halip na Judea para makaiwas Kay Arquelao na naging hari sa lugar ng kanyang ama. "21At nagbangon siya at dinala ang sanggol at ang kaniyang ina, at pumatungo sa lupa ng Israel. 22Datapuwa't nang mabalitaan niya na si Arquelao ang naghahari sa Judea na kahalili ng kaniyang amang si Herodes, ay natakot siyang pumatungo roon; at palibhasa'y pinagsabihan ng Dios sa panaginip, ay napatungo siya sa mga sakop ng Galilea, 23At siya'y dumating at tumahan sa isang bayang tinatawag na Nazaret; upang maganap ang mga sinalita ng mga propeta, na siya'y tatawaging Nazareno." (Mateo 2:21-23) Bilang isang pamilya makaDiyos ,kailangan natin ang gabay ng Diyos.Bawat asawang lalaki,puno ng pamilya,kailangan magpasailalim sa kalooban ng Diyos at hayaan ang Diyos na gabayan siya para magabayan niya ang kaniyang asawa at mga anak.Ang pamilya ni José at Maria sa panahon na yaon ay simbahan ng Diyos na siyang nagdadala ng layunin ni Hesus at ibigay sa ibang bayan. Sila,kasama ang matatalinong tao iningatan at pinotektahan ang simbahan mula sa gawa ni Satanas at mula sa paguusig.Tayo bilang tapat na miyembro ng katawan ni Kristo, kailangan natin na gawinng may karunungan at may pagiisip at may pagsunod para protektahan ang simbahan, ating pamilya, ating mga anak,ang bagong silang sa pananampalataya,ang bagong disipolo mula sa gawa ni Satanas na siyang darating upang sirain sila.

Si Jose bilang matuwid na tao nagpatuloy niya ginabayan ang kanyang pamilya sa paraan ng Diyos.Pagkatapos nilang bumalik sa Nazaret, nagpatuloy si Jose na nakaugnay sa simbahan ng Diyos.Pumupunta kada taon sina Jose at Maria sa Pista ng Paglampas. "41 At nagsisiparoon taon-taon ang kaniyang mga magulang sa Jerusalem sa kapistahan ng paskua." (Lucas 2:41) Sa parehong paraan , kailangan natin nasa pagpupulong ng simbahan at pagtitipon na itinalaga ng Diyos.

Sinanay nila si Jesus na magkaroon ng takot sa Panginoon.Si Jesus ay nagpunta kasama nila noong siya ay labindalawang taong gulang at ang bata ay nalantad sa katuruaan ng mga guro sa templo. "42 At nang siya'y may labindalawang taon na, ay nagsiahon sila ayon sa kaugalian ng kapistahan; 43 At nang kanilang maganap na ang mga araw, sa pagbalik nila, ay naiwan ang batang si Jesus sa Jerusalem; at di nalalaman ng kaniyang mga magulang; 44 Nguni't sa pagaakala nilang siya'y nasa kasamahan, ay nagsiyaon sila nang isang araw na paglalakbay; at hinahanap nila siya sa mga kamaganak at mga kakilala; 45 At nang di nila siya matagpuan, ay nagsipagbalik sila sa Jerusalem, na hinahanap siya. 46 At nangyari, na nang makaraan ang tatlong araw, ay nangatagpuan nila siya sa templo, na nakaupo sa gitna ng mga guro, na sila'y pinakikinggan, at sila'y tinatanong: 47 At ang lahat ng sa kaniya'y nangakakarinig ay nagsisipanggilalas sa kaniyang katalinuhan at sa kaniyang mga sagot. 48 At nang siya'y mangakita nila, ay nangagtaka sila; at sinabi sa kaniya ng kaniyang ina, Anak, bakit ginawa mo sa amin ang ganyan? narito, ang iyong ama at ako na hinahanap kang may hapis. 49 At sinabi niya sa kanila, Bakit ninyo ako hinahanap? di baga talastas ninyo na dapat akong maglumagak sa bahay ng aking Ama.50 At di nila naunawa ang pananalitang sa kanila'y sinabi. 51 At lumusong siyang kasama nila, at napasa Nazaret; at napasakop sa kanila: at iniingatan ng kaniyang ina sa kaniyang puso ang lahat ng mga pananalitang ito. 52 At lumalaki si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao." (Lucas 2:42-52) Sa parehong paraan ,kailangan nating turuan ang ating mga anak at sanayin sila ng may takot sa Panginoon, at magkaroon ng ugnayan sa mga guro at mga pinuno ng simbahan upang silay lumaki hindi lamang sa kanilang tindig ngunit ganon din sa karunungan at pabor sa Diyos at sa tao .

Sa aking mga minamahal: Ang pamilya ni Jose ay nagbunga at nagkaroon sila ng ibang anak mula kay Maria pagkatapos ni Jesus,Ang Kasulatan ay nagtuturo sa atin na si Jesus ay mga kapatid na lalaki at babae. "3 Hindi baga ito ang anluwagi, ang anak ni Maria, at kapatid ni Santiago, at ni Jose, at ni Judas, at ni Simon? at hindi baga nangaririto sa atin ang kaniyang mga kapatid na babae? At siya'y kinatitisuran nila." (Marcos 6:3) Lahat ng kanilang anak sa wakas ay naging mananampalataya Kay Kristo,at silay naging kasama sa simbahan na ating mababasa na sila at si Maria ay nakipagkaisa sa mga Apotoles ng Panginoon pagkatapos ng pagkabuhay ni Kristo. "14 Ang lahat ng mga ito'y nagsisipanatiling matibay na nangagkakaisa sa pananalangin na kasama ang mga babae, at si Maria na ina ni Jesus, at pati ng mga kapatid niya." (Mga Gawa 1:14) Karagdagan pa dito,dalawa sa kanila ay naging apostles; Santiago "19 Nguni't wala akong nakita sa mga ibang apostol, maliban na kay Santiago na kapatid ng Panginoon." (Galacia 1:19) "at si Judas Si Judas, na alipin ni Jesucristo, at kapatid ni Santiago, sa mga tinawag, na minamahal sa Dios Ama, at iniingatang para kay Jesucristo:" (Judas 1:1) silang lahat ay kapatid sa ina ni Hesus.

Mula sa buhay ni Hesus,natutunan natin na kailangan nating mangagutom at mangauhaw sa katuwiran sa paraan ng pagtataguyod ng ating pagpapakasal at sa paraan na ingatan ang ating asawa, pamilya,mga anak at ating responsibilidad tungo sa Diyos,tungo sa kanyang Salita,tungo sa Banal na Espiritu, tungo sa gobyerno ng simbahan na sumusunod sa alituntunin ng bansa, tungo sa simbahan na sumusunod sa ating namumuno, na nagtuturo sa atin at nagtataguyod satin at nagiingat sa atin na ialay ang ating buhay at ating anak na protektahan ang Kaniyang simbahan at pagpapatuloy na pagdalo sa gawain ng Diyos at pagsuporta sa kanila ng ating

presensya,kakayahang na magbigay ng ating serbisyo at ng ating pinansiyal na pangako.Ang ating kasal at pamilya ay dapat magbigay ng karangalan, kapurihan at bago kaluluwa sa Diyos.

Sinsabi ng Bibliya sa atin "2 At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios." (Roma 12:2) kaya kung gusto ko sumunod sa Diyos at magsaya sa kanyang kabutihan,kaayaya at lubos na kalooban ng Diyos,huwag ng parisan ang mundo at huwag magpalinlang at sumunod sa maling halimbawa ng iba na hindi sumusunod sa pananampalataya na sinusunod natin na bilang pagsangayon mo italaga mo ang iyong sarili na maisagawa ang Kaniyang Salita sa iyong buhay at sa buhay ng iyong mga anak at disipolo at sa buhay ng simbahan ng Diyos.Ang Panginoon ang magbibigay sa iyo ng kalakasan at magbibigay ng iyong pangangailangan na gawin ang kaniyang kalooban, at itayo ang tao sino ang gusto na sumunod sa Kaniyang Salita at kalooban sa kahalagahan ng paghahanda ng makaDiyos na pagpapakasal, paghubog sa makaDiyos na pamilya at pagpapalaki ng makaDiyos na mga anak.Ating ibigay ang sarili para manalangin.

Ang aking Panalangin: Ama naming Diyos ako ay lumalapit bago sayo sa pangalan ni Hesus,na siyang namatay sa krus para sa aking kasalanan at nabuhay na maguli mula sa kamatayan at sa ikatlong araw na binigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ating ipagtapat at talikuran ang ating kasalanan sa ating Panginoon.atin ngayong talikdan ang kamunduhan,ating mga idolo,at ang mali plano na salungat sa Salita ng Diyos. Ating talikuran ang lahat ng ating katamaran, panatag, at kawalan ng pangako

Ating talikuran ang lahat ng gawi ng immoralidad dagdag rito ang pagsasama,panliligaw, pagkakaroon ng kasintahan, at ang pagtatagpo ng lalaki at babae bago ang kasal.

Ating ibigay ang ating sarili na ihiwalay ang lalaki sa babae at ingatan sila maging birhen, ingatan sila sa pisikal at emosyonal na paglalayo hanggang sa araw ng kasal.Ating ibigay ang ating sarili na magpakasal sa ano itinalaga ng Diyos at pangasiwaan ang kasal na itinalaga ng Diyos.

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking buhay na iwanan ang sumusunod na bagay at gawi ng sa ganon mabuhay ng matuwid na gusto mo para sa akin.

Panginoon ipinagkakatiwla ko aking buhay na pumapayag na magutom at mauhaw sa katuwiran at gawin ang prinsipyo na aking natutunan mula sa Iyong Salita sa mensahe ito.Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mabuhay ng matuwid at mabuhay sa paraan na kakaiba mula sa tao ng mundo na nakapalibot sa akin at maging mabuti halimbawa sa kanila.Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na magpahayag ng mabuting Balita na may tiyak na Salita at malinaw na utos sa mga tao na malaman nila kung paano magsisi.Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na palakihin ang aking mga anak at gabayan ang aking pamilya na magkaroon ng takot Sayo at turuan sila ng iyong paraan na natutunan ko sa mensahe ngayon.Panginoon pagkalooban mo ako at makayanan kong gawin na matagumpay at protektahan ang aking pamilya mula sa masamang epekto ng mundo.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na ibinaba ang kanilang sarili Sayo na mamuhay ng matuwid na nais mong buhay sa kanila at gabayan ang kanilang pamilya sa iyong kabutihan.Panginoon gumawa ka ng daan na makalabas sila mula sa lahat ng tukso at mamuhay na na buhay na ikalulugod mo. Panginoon protektahan at ibigay mo sa kanila ang kanilang pangangailangan.Panginoon aliwin mo sila at alisin ang lahat kawalan ng pagasa sa kanilang puso at isipan.Panginoon punuin mo ulit sila ng iyong Banal n Espiritu at gawin mo ang kanilang buhay na kaaya-aya sa iba ng sa ganon ang mga tao maniwala sayo at magsimula sumunod at mabuhay ng naayon sayong Salita at kabutihan.

Panginoon ako'y nanalangin bilang isang simbahan na tulungan mo kami na magpatuloy na magsilbi sayo at gawin ang iyong utos at kalooban sa gitna ng mga taong sumasalungat sa katotohanan at namumuhay sa kamunduhan at immoralidad.Panginoon ipinagkakatiwala namin ang aming sarili na gawin ang tama at makatwiran sa iyong mata. Panginoon punuin mo kami ulit ng iyong Banal na Espiritu at makayanan namin na magpangaral ng ebanghelyo at maabot ang bagong tao ng Mabuting Balita ni Hesukristo at ng salita ng Diyos.Panginoon nanalangin kami na makayanan naming magtanim ng bago pagaaral ng Bibliya at bago kongregasiyon para sa simbahan. Panginoon pagpalain mo kami,palawakin mo ang aming territoryo,laging sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan ng sa ganon hindi kami mapahamak.Nawa ang pagpapala ng Panginoong Hesus at pagmamahal ng Diyos at pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay suma ating lahat sa pangalan ni Hesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.